## FOLLOW US ON SOCIAL MEDIA!

**FACEBOOK.COM/QCSBCDPO**

**YOUTUBE.COM/@QCSBCDPO**

**TIKTOK.COM/@QCSBCDPO**

QUEZON CITY GOVERNMENT
SBCDPO
SMALL BUSINESS AND COOPERATIVES DEVELOPMENT AND PROMOTIONS OFFICE

The Quezon City Small Business and Cooperatives Development and Promotions Office (QC-SBCDPO) is mandated to spur inclusive growth and development by stimulating entrepreneurship and enterprise enhancement amongst micro, small enterprises, and cooperatives (MSECs), through various programs, projects, and activities for their continued growth and sustainable development.

### MISSION

To promote, support, strengthen, and encourage the establishing, continuing viability, and sustainable growth and development of innovative micro and small enterprises and cooperatives

### VISION

Micro, Small Enterprises and Cooperatives (MSECs) as key drivers in Quezon City's inclusive economic growth.

## Contact us

**Office Hours**
**Monday to Friday | 8:00 AM – 5:00 PM**

6/F High Rise Building (West Wing), Quezon City Hall Compound, Elliptical Rd., Diliman, Quezon City

(8) 988 4242
loc. 8731/8734/8736

SBCDPO@quezoncity.gov.ph
coop.sbcdpo@quezoncity.gov.ph

QUEZON CITY
COOPERATIVE DEVELOPMENT
PROGRAM

# QUEZON CITY COOPERATIVE DEVELOPMENT PROGRAM

# QUEZON CITY COOPERATIVE DEVELOPMENT PROGRAM

Tahanan ang Quezon City ng pinakamaraming bilang ng rehistradong kooperatiba sa buong National Capital Region. Dahil dito, hangad ng City Government na manguna sa pagsusulong at pagpapaunlad ng sektor na ito na itinuturing na katuwang nito sa pagbibigay ng serbisyong pangkaunlaran sa iba't ibang komunidad na sakop ng lungsod.

Sa pagsasakatuparan ng adhikaing ito, itinatag ng Quezon City Government ang Small Business and Cooperatives Development and Promotions Office (SBCDPO) upang bumuo at magpatupad ng mga programa tulad ng Cooperative Development Program na makakatulong sa pagsusulong ng cooperative movement sa lungsod.

Sa pamamagitan ng Cooperative Development Program, inilalapit ng pamahalaang lungsod sa mga livelihood groups ang konsepto ng kooperatiba at hinihikayat ang mga ito na magparehistro sa Cooperative Development Authority. Sa programa ring ito, natutulungan ang mga rehistradong kooperatiba na mas mapaunlad pa ang kanilang mga negosyo sa pamamagitan ng mga capability building at linkages opportunities.



## ANO ANG KOOPERATIBA?

- Ang kooperatiba ay isang rehistradong organisasyon/negosyo na binubuo ng mga miyembro na siya ring may-ari at nagpapatakbo nito. Ito ay itinatag upang makamit ang iisang adhikaing panlipunan, pinansyal at kultural ng mga miyembro nito.

- Upang makamit ang kanilang adhikain, ang lahat ng miyembro ay nag-aambag ng saping-puhunan (share capital) sa kooperatiba at tumatangkilik sa mga produkto at serbisyo nito gaya ng pag-iimpok ng pera, pautang at insurance. Kahati rin ang bawat miyembro sa benepisyo, kita at pati na rin sa mga risks na kaakibat ng pagpapatakbo ng kooperatiba.

## ANU-ANO ANG MGA PAKINABANG NG PAGPAPAREHISTRO BILANG KOOPERATIBA?

- Mga natatanging benepisyo sa ilalim ng batas tulad ng ilang exemption sa buwis
- Proteksyon para sa mga rehistradong kooperatiba ayon sa mga batas na sumasaklaw sa sektor nito
- Mas madaling pagkalap ng puhunang magagamit sa pagpapalago ng kooperatiba
- Mas pinalakas na ugnayan sa lokal at nasyonal na pamahalaan at iba pang kaugnay na organisasyon

## SINU-SINOO ANG MAAARING MAG-AVAIL?

- Mga samahan o organisasyong taga-QC na nais magtatag ng kooperatiba para sa livelihood o negosyo gaya ng credit, consumer, marketing, producer, agriculture, labor service at iba pang uri ng kooperatiba
- Mga kooperatiba na kasalukuyang rehistrado sa Quezon City at sa Cooperative Development Authority.

## PAANO MAKAKATULONG ANG SBCDPO SA INYONG KOOPERATIBA?

Sa pakikipagtulungan kasama ang strategic partners gaya ng CDA, ang SBCDPO ang nagpro-proseso at nangangasiwa sa pagbubuo at pagpapaunlad ng mga kooperatiba sa QC sa pamamagitan ng sumusunod na inisyatiba:

- Cooperative Clinic
- Cooperative pre-registration seminar (PRS)
- Cooperative registration assistance
- Free mandatory training
- Platforms to ensure compliance (compliance forum, hands-on training on the cooperative online systems and handholding caravans)
- Policy and program formulation for cooperatives through the Quezon City Cooperative Development Council
- Product promotion and marketing through organized trade fairs and other initiatives
- Linkages to relevant government services and programs such as Koop Kapatid Program and the local Quezon City Credit Surety Fund Cooperative, among others

